## *Kay Rosario na Namatay sa Isang Pang-aabuso*

Sana'y sisiw kitang
nilimliman
at inahin akong
pumutak
sa sinumang sa iyo'y
humawak;
Sana'y pukyutan kitang
inipon
at bubuyog akong
humabol
sa mga nagsitakbong
mandarambong,
O kaya'y kidlat akong
naghukom ng unos
at humampas
sa pagtutol
sa dayuhang bastos.
Nguni't —
sa kabulaga'y
hindi kita nakita
sa aking paparoo't paparito:
sa pagkadalubhasa, hindi nabasa
sa mga dokumento't libro,
sa pagsimba, di naamoy
sa mga kandila't insenso,
di narinig sa talumpati't pangako
ng mga lider-pulitiko.
Anak-tinik kang
gumasgas
sa tagong anyo
ng patay-gutom na lipunan;
Hudas kaming

nagsisisi't nakabigti
sa bayad-dolyar ng vibrator
na bumaon sa
mura mong katawan!

*Ruby Palma Beltran*